



Umaasang maipalaganap pa lalo ang kasiyahan sa puso

Sa isyung ito, kinapanayam namin si Ginoong Hilario Murata Macalalad at ang kanyang butihing maybahay na si Gng Antonina (Residente sa Lungsod ng Hikone)



Ginoong Hilario :

Isa po akong Nikki-jin pangalawang henerasyon na may dugong hapon) mula sa lalawigan ng Luzon sa Pilipinas. Habang nagtrabaho sa isang kumpanya

nag aaral din ako sa unibersidad at nung makapagtapos na ako ng pag aaral, tamang-tama din na may kumpanya ng Hapon na nanghihikayat at nag aalok ng trabaho papuntang Japan kaya nagpasiya kami ng kapatid ko at mga pinsan namin na pumunta ng Japan, 19 kaming lahat na pumunta at dumating nung taong 1992. Nakapagtrabaho ako ng 2 taon sa lalawigan ng Totori at umuwi, pagkatapos ng 4 na taon bumalik ulit ng Japan at simula nun dito na nanirahan sa hikone. Sunud-sunod kong kinuha ang aking mga naiwang pamilya sa pilipinas, ang aking maybahay, ang 5 kong mga anak, kasalukuyang naninirahan ang buong pamilya ko dito sa Japan.

Naranasan ko ang iba't ibang larangan ng trabaho dito sa Japan tulad ng pick-up at delivery sa isang dry cleaning, nagmaneho ako ng crane, namasukan din ako sa isang pabrika habang nag aaral sa isang boluntaryong klase sa Nihongo. Habang nagkakaedad iniisip ko ang aking magiging kinabukasan, ipinakilala ako sa linya ng trabahong Nursing care (kaigou) at kasalukuyang pang 7 na taon na akong nagtrabaho sa isang ospital sa Otsu. Ang mga tungkulin ko sa trabaho ay ang alalayan sa oras ng pagkain, pagpaligo, at iba pang pangkalahatang pangangalaga sa mga matatanda. Iniuutos ang pagkuha ng kasanayan sa pangangalaga sa larangan ng nursing care (kaigou), kung kaya pagkapasok ko sa trabaho kumuha kaagad ako ng mga kurso para maging kwalipikado sa larangan ng kaigo. Kilalang mabigat na trabaho ang pagtrabaho sa kaigo, subalit kung may mga wastong pamamaraan katulad ng kung papaano buhatin ang pasyente at ang wastong pagsasaayos ng kama, wala kang ikababahala na sasakit ang likuran mo. Mahalaga at mahal ko ang trabaho ko at sa tingin ko ang trabahong ito ang pinakamasaya sa lahat at higit sa lahat, gustong-gusto kong makipag usap sa mga matatanda habang nagbibiruan kami, "Oras na para pumunta sa New York" handa na ba ang inyong pasaporte? (isang homopon kung saan ang pagbigkas ng New York ay magkapareho sa pagbigkas sa salitang hapon na nyu-yoku na ibig sabihin sa salitang hapon ay pagpaligo) masasayang ngiti ang isinasagot ng mga matatandang pasyente sabay sabing "nakakahiya naman "o kaya "alam ko na ". Habang tinatamasa ko ang trabaho hindi ko hinahayaan ang sarili ko na ma-stress at iniwasan kong malungkot sa pamamagitan ng pagkontrol ng damdamin, may 12 na Pilipinong kaigo sa lugar ng trabaho ko,

ako ang pinakamatanda sa kanilang lahat. Halos 60 na rin ako, pero gusto kong tamasahin ang trabahong ito hanggang sa aking pagretiro. Isa pang mahalagang bahagi ng aking buhay ay ang mga aktibidad sa komunidad ng Pilipino. Napapaloob sa ilalim ng simbahang katoliko, may mga komunidad ng Pilipino sa Nagahama, Hikone, Adogawa, Karasaki, Zeze, Higashiomi, Kusatsu at sa mga iba pang rehiyon sa loob ng prepektura, lahat ay nauugnay sa ilalim ng [Komunidad ng mga katolikong Pilipino sa Shiga] ang mga samahang ito at ang mga iba pang pilipinong samahan sa bahaging rehiyon ng kansai ay nagsama-samang buuin ang Philippine Community Coordinating Council (PCCC) na nakikipagtulungan sa konsulado para sa mga pilipinong naninirahan sa bahaging kansai upang magkaroon ng ugnayan ang bawat isa.

Pinamunuan ko ang Komunidad ng mga Pilipino sa Hikone ng 13 na taon at kasalukuyan naatasan bilang isang tagapayo. Sa mga panahong iyon, kadalasan binibisita ko ang mga komunidad sa katapusan ng linggo upang pakinggan ang kanilang mga problema at magsagawa ng mga masasayang mga aktibidad kagaya ng kantahan at iba pang mga pagdiriwang upang makapagsama-sama ang mga Pilipino. Masarap sa pakiramdam kung nakikita mong masaya ang iba, ito rin ang dahilan kung bakit kasama ako dito sa mahabang panahon. Pumapangalawa din ako sa pangungulo ng PCCC simula nitong nakalipas na 2 taon, nakikipagtulungan kami sa ibat ibang mga samahan upang mabigyang suporta at mabigyan ng mga impormasyon patungkol sa pamumuhay, kasama ang mga iba pang mga aktibidad sa pakikipag-ugnayan at pakikipag-unawaan sa mga pilipinong naninirahan sa Japan. Nais kong ipabatid sa lahat na maraming mga Pilipino ang nagsusumikap maghanap buhay sa ibat ibang larangan ng trabaho sa lipunan ng Japan. Ngayong panahon ng COVID-19 kahit na hindi kami makagawa ng mga pagdiriwang umaasa kaming makakagawa din ng mga masasayang pagdiriwang sa hinaharap. Sa pamamagitan ng mga aktibidad na ito, umaasa kaming susundin ng mga dayuhan ang mga batas ng hapon at magtrabahong mabuti upang maging kapitapitan na mamayan ng Japan. Marami-rami na rin akong naging mga karanasan at pagkakataong makasalamuha ang mga ibat ibang mga tao, isang masayang pamumuhay na hindi ko sukat maisip, Alam kong marami-rami pa rin akong mga dapat gawin sa hinaharap, pero ang tanging inaasam-asam ko ay sana lalo pang maipalaganap ang kasiyahan sa puso.

Ginang. Antonina: Kahit na nagkalayo-layo ang naging pamumuhay ng aming pamilya noon, ngunit ngayon masaya at payapa na akong namumuhay kasama ang mga anak at mga apo ko. Kahit hindi man nasunod ayon sa kagustuhan natin ang paninirahan sa ibang bansa, subalit, may mga biyaya kang matatanggap kung magsisikap ka!

Interpretasyon * Pagsangguni

Kung mayroong problem, para sa mga Dayuhang Residente sa Shiga



Lugar	Tanggapan	Wika	Araw/Oras ng Pagsangguni	Tel. / Iba pa
Otsu	Munisipyo Kankou shinkou-ka MICE Promotion Office	Ingles	Lun~Biy 9:00 am~5:00 pm	077-528-2864
	Otsu Int'l. Goodwill Association (Otsu-shi Kokusai Shinzen Kyokai)	Nihongo (Magsama ng interpreter)	Ika-2 Miy. 5:30pm, 6:15pm, 7:00pm (reserbasyon ng 1pm isang araw bago)	077-525-4711
Hikone	City Hall Jinken-seikaku-ka	Portuges	Ika-1, Ika-3 Huw. 8:30 am~7:00 pm Lun~Biy (maliban sa nasa itaas) 8:30 am~5:15 pm	0749-30-6113
		Ingles	Lun~Biy	
		Intsik	Mar, Biy	
Nagahama	Munisipyo Shimin-ka	Portuges, Kastila Ingles atbp.	Huw 8:30 am~7:00 pm	0749-65-8711
			Lun~Miy, Biy 8:30 am~5:15 pm	
Omiachiman	Munisipyo, bawat departamento	Portuges, Ingles	Lun~Biy 9:00 am~4:45 pm	0748-26-7092
Kusatsu	Munisipyo Machizukuri Kyodo-ka	Ingles	Lun~Biy 9:00 am~4:00 pm	077-561-2337
Moriyama	Moriyama Int'l. Friendship Assn. (Moriyama Shimin Koryu Center)	Ingles (Kailangan ng appointment para sa ibang wika maliban sa Ingles)	Lun~Biy 9:00 am~4:30 pm	077-583-4653
Ritto	Ritto Int'l. Friendship Association (Ritto Kokusai Koryu Kyokai)	Portuges	Miy 1:00 ~5:00 pm	077-551-0293
Koka	Munisipyo Seikatsu Kankyo-ka	Portuges, Kastila	Lun~Biy 8:30 am~5:15 pm	0748-69-2146
	Munisipyo Kosodate seisaku-ka			0748-69-2176
Yasu	Munisipyo, bawat departamento	Ingles, Intsik, atbp.	Lun~Biy 8:30 am~5:15 pm	077-587-6039
	Yasu Int'l Friendship Association (Yasu-shi Kokusai Kyokai)	English, Kastila	Lun~Biy 9:00 am~5:00 pm	077-586-3106
Konan	Munisipyo Higashi Chosha	Portuges	Lun~Biy 8:30 am~5:15 pm	0748-72-1290
	Munisipyo Nishi Chosha Jinken Yugo-ka			0748-77-8512
	Konan International Association (Konan-shi Kokusai Kyokai) Nishi Chosha4F		Lun~Biy 8:30 am~5:00 pm	0748-69-7530
Takashima	Takashima Int'l Friendship Assn. (Takashima-shi Kokusai Kyokai)	Ingles	Iregular (kailangan ng appointment)	0740-20-1180
Higashiomori	Munisipyo Shinkan Shimin Seikatsu Sodan-ka	Portuges	Lun~Biy 9:00 am~5:00 pm	0748-24-5521
Maibara	Munisipyo Santo Chosha Chiiki Shinkouka -ka	Portuges	Lun~Biy 8:30 am~5:15 pm	0749-53-5171
	Maibara Multicultural & Int'l Assn. (Maibara-shi Tabunka Kyosei Kyokai)	Portuges	Lun~Biy 9:00 am~5:00 pm	0749-56-0577
		Intsik	Lun~Huw 9:00 am~3:00 pm	
Hino	Munisipyo Jumin-ka	Portuges	Lun, Miy, Huw 9:00 am~5:00 pm	0748-52-6571
Aisho	Munisipyo Echigawa Chosha Mirai Sousei-ka	Portuges	Lun, Mar, Biy 8:30 am~5:15 pm	0749-29-9046
			Miy, Huw 8:30 am~4:30 pm	
Shiga Pref.	Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga (Shiga Gaikokujin Soudan Center)	Portuges, Kastila Tagalog, Ingles Vietnamese, atbp	Lun~Biy 10:00 am~5:00 pm	077-523-5646



Mga Silid – aralan ng Nihongo sa Shiga

Posibleng makansela ang mga klase dulot ng COVID-19. Mangyaring kumpirmahin muna ang klase bago pumasok.

Lugar	Pangalan ng Samahan		Telepono	Araw at Oras	Lugar
Otsu	Otsu Int'l. Goodwill Association		077-525-4711	Kasalukuyang suspendido. Mangyaing kontakin ang grupo para sa detalye	
	Nihongo no kai		090-6609-3191	Huw 10:00 am~12:00 pm	Otsu Komin-kan
	Omi Nihongo Fureai Club		077-523-1061	Lun 10:00 am~12:00 pm	Wala pang katiyakan
				Sab 7:30~9:10 pm	Seta-kita Komin-kan
Hikone	Hikone International Assn.		0749-22-5931	Kasalukuyang suspendido. Mangyaing kontakin ang grupo para sa detalye	
	Smile		0749-24-7241	Lin 10:00~11:30 am	Hikone Nishi-chiku Komin-kan
			070-5661-7345	Lun~Biy ① 9:30~10:50 am ② 10:00 am~12:20 pm ③ 1:30~2:50 pm ④ 3:00~4:20pm (sarado tuwing Mar)	Innovation Office Nayashichi
				Mar, Biy 9:00~10:20 am	Hikone Asahinomori-chiku Komin-kan
				Hikone Kokusai Koryukai VOICE	0749-23-3018 090-5156-6916
	Nagahama	Nagahama UNESCO Kyokai		0749-65-6552	Miy, Sab 7:00~8:30 pm
Tanoshii Nihongo		0749-63-4400	Makipag-ugnayan sa titser Posibleng indibiduwal-reserbasyon		
Omi-hachiman	Tampopo	KanedaKyoshitsu	0748-26-7092	Sab 7:00~9:00 pm	Kaneda Community Center
		Azuchi Kyoshitsu			Azuchi Community Center
	Nakayoshi			Miy 10:00~11:30 am	Kaneda Community Center
Kusatsu	Olive		077-565-9215	Sab 7:00~8:40 pm	Kirarie Kusatsu
	SHIPS		077-561-5110	Miy, Biy 10:30 am~12:00 pm	Tabunka Kyosei Shien Center
	Kusatsu International Friendship Association Kizuna		077-561-2322	Sab 10:20 am~12:00 pm	Ritsumeikan Univ. BKC / online
	Nihongo Center		070-2635-0952	① Sab 1:30~5:00pm ② ③ Kumunsulta	① Kirarie Kusatsu ② Online ③ Mga pasilidad sa paligid ng Kusatsu stn.
Moriyama	Moriyama Nihongo Kyoshitsu		077-583-4653	Ika-1, ika-3 Sab 10:00~11:50 am	Moriyama Shimin Koryu Center
Ritto	RIFA Nihongo Kyoshitsu		077-551-0293	Ika-2, ika-4 Sab 10:15~11:45 am	Community Center Taihou
Koka	Koka International Exchange Assn.	Ninja Niji	0748-63-8728	Kasalukuyang suspendido. Mangyaing kontakin ang grupo para sa detalye	
Yasu	YIFA Nihongo Kyoshitsu		077-586-3106	Makipag-ugnayan ukol sa iskedyul.	Yasu Int'l. Association (opisina)
Konan	Konan International Association		0748-69-7530	Lun 1:30~3:00 pm	Ishibe Machizukuri Center
				Miy 10:00~11:30 am	
				Sab 7:00~8:30 pm	
	Camiyando		090-1448-3350	Kasalukuyang suspendido. Mangyaing kontakin ang grupo para sa detalye	
Takashima	Takashima International Assn.		0740-20-1180	Makipag-ugnayan sa titser ukol sa iskedyul.	
Higashiomi	Yokaichi Nihongo Kyoshitsu		0748-22-6717	Ika-1,Ika-2,Ika-3 Lin 1:30~3:00 pm	Higashiomi International Friendship Association
				Mar 10:00~11:30 am	
				Sab 1:30~3:00 pm	
Maibara	Maibara-shi Nihongo Kyoshitsu		0749-56-0577	Sab 9:00~10:30 am	Maibara Komin-kan
				Sab 9:30~11:00 am	Maibara Shimin Koryu Plaza, Santo Komin-Ka
Aisho	Aisho Int'l. Friendship Assn.		070-5593-1769	Sab, Lin ① 10:00~11:30 am ② 1:30~3:00 pm③ 3:15~4:45 pm	Echigawa Komin-kan
Online	ONRITANS		090-3656-6417	Lun ~Biy / posibleng mapag uusapan	Online class (zoom)

Pahayagan Mimitaro

Tungkol sa Pagbabakuna sa COVID-19

Ang "tiket sa pagbabakuna"(Sesshu-ken) ay ipapadala sa inyong mga tahanan mula sa tanggapan ng munisipyo batay sa prioridad tulad ng edad. 2 dosis ng pagbabakuna ang kinakailangan, parehong walang bayad.

- * Kumunsulta sa inyong pangunahing doktor para sa anumang mga pangunahing kondisyong-medikal
- * Hindi sapilitang ipinag-uutos ang pagbabakuna

★ Matapos matanggap ang tiket sa pagbabakuna :

- Magpareserba para sa isang pagbabakuna
- Pumunta sa lugar sa nakareserba na petsa
- Ano ang dadalhin

① Palatanungan ng pre-vaccination (Yoshin-hyo)

② Tiket sa pagbabakuna (Sesshu-ken)

③ Personal na ID (hal. Foreign resident card, health card)

※ Mangyaring ingatan ang "ticket sa Pagbabakuna" hanggang sa makumpleto ang parehong dosis

※ Mangyaring punan ang hapon na bersyon ng pre-vaccination questionnaire gamit ang isinaling-bersyon.



Palatanungan (Ibat ibang Wika)

★ Bago ang pagbabakuna :

- Ang mga pagbabakuna ay hindi maaaring isagawa sa mga kaso ng matinding lagnat, matinding karamdaman, o may kasaysayan ng malala at matinding reaksiyong -pagkasensitibo.
- Mangyaring komunsulta sa doktor na magsasagawa ng pagbabakuna kung kasalukuyang sumasailalim kayo ng pagpapagamot ng sakit (Halimbawa, sakit sa puso, sakit sa bato, sakit sa atay, sakit sa dugo, karamdaman sa kakulangan-immuno kapansanan sa pagbara ng dugo, may karanasan ng pangingisay o may alerhiyang- reaksiyon sa loob ng 2 araw pagkatapos na magbabakuna.

★ Masamang-epekto pagkatapos mabakunahan

Komunsulta sa mga institusyong medikal o kaya tumawag sa call center para sa mga abnormalidad pagkatapos mabakunahan.

★ Konsultasyon para sa bakuna (ibat ibang wika)

- Shiga COVID-19 Vaccine Contact Center
TEL 077-528-3588 (9:00am~6:00pm)
TEL 077-528-3621 (6:00pm~9:00am)



- MHLW COVID-19 Vaccine Call Center
TEL 0120-761770

★ **Sentro ng Konsultasyon sa COVID-19** (iba't ibang wika) Kagawaran ng Kalusugan, Trabaho at kagalingang-panlipunan TEL 0120-565653

★ **Impormasyon sa sakuna • COVID sa iba't ibang wika.**

NHK WORLD-JAPAN



BALITA MULA SA MIMITARO



★ **Pag aaral ng Nihongo para sa trabaho** (Iskedyul)

Aplikasyon : Hello Work

- Nagahama Kinro-fukushi Kaikan Rinko
Septyembre 14 – Disyembre 3, Panggabi, level 2
- Hikone Kinro-fukushi Kaikan Tachibana
Agosto 25 – Disyembre 22, Panggabi, level 1
- Hino Watamuki Hall
Agosto 18 – Disyembre 15, Panggabi, level 2
- Koka Maroom
Septyembre 8 – Disyembre 10, Panggabi, level 3

★ Kursong pagpataas ng antas ng kasanayan para sa trabaho

Nakaiskedyul itong umpisahan ngayong septyembre (Panahon ng pagsasanay 4 buwan) 9:30am~5:00pm

Nilalaman : Pangkalahatang-gawain sa opesina, panimulang pagsasanay na kurso para sa mga caregiver

Lugar : Yu-com Wakatake-cho 8-10, Kusatsu

TEL 077-566-4114

♡ **Para sa mga mag aaral na may lahing dayuhan at sa mga magulang nito "Patnubay para sa pagpili ng kurso" Gaganapin!**

- Petsa at Oras : Oktubre 23 (Sabado) 1:30pm ~4:00pm
- Lugar : 「G-NET Shiga」 (Omihachiman-shi)
- Lalahok : Mga mag aaral na may lahing dayuhan mula sa (5 Baitang ~ senyur hayskul) at ang mga magulang nito

Info Shiga Intercultural Association for Globalization

TEL 077-526-0931

Shiga Gaikokujin Soudan Center

(Sa loob ng Shiga Intercultural Association for Globalization)
Kung may mga katanungan at suliranin huwag mag atubiling Tumawag may nakahandang ibat ibang wika para kayo alalayan/suportahan. May nakahandang libreng konsultasyon para sa legal na proseso.

TEL: 077-523-5646 Fax: 077-510-0601

E-mail: mimitaro@s-i-a.or.jp

Ang sunod na isyu ng Mimitaro ay ilalathala sa Oktubre